10

Republic of the Philippines
Department of Education
NATIONAL CAPITAL REGION
Misamis Street, Bago-Bantay, Quezon City

# UNIFIED SUPPLEMENTARY LEARNING MATERIALS
(USLeM)

# FILIPINO 10 (Ikaapat na Markahan-USLeM 4)

**Bumuo sa Pagsusulat ng Modyul**

| | |
|---|---|
| **Manunulat:** | Marsha Liza M. Calipayan, Teacher I, PNHS |
| **Tagaguhit:** | Marsha Liza M. Calipayan, Teacher I, PNHS |
| **Tagalapat:** | Melesa L. Calapano, Head Teacher III, MBHS-Main |
| **Manunulat ng LAS:** | Marsha Liza M. Calipayan, Teacher I, PNHS |
| **Tagasuri ng Nilalaman:** | Nelia G. Abejar, Head Teacher V, MNHS-Main |
| **Tagasuri ng Wika:** | Mary Ann O. Wijetunge, Master Teacher I, MNHS-Main |
| **Tagapamahala:** | Dr. Malcolm S. Garma, Regional Director - NCR<br>Dr. Dominico C. Idanan, SDS SDO-Muntinlupa City<br>Dr. Genia V. Santos, CLMD Chief - NCR<br>Madeline Ann L. Diaz, CID Chief, SDO-Muntinlupa City<br>Dr. Ma. Gloria G. Tamayo, Regional EPS, Filipino<br>Dr. John Albert B. Colle, EPS-Filipino, SDO-Muntinlupa City<br>Dennis M. Mendoza, LR EPS - NCR<br>Dr. Gina U. Urquia, LR EPS SDO-Muntinlupa City<br>Nancy C. Mabunga, Librarian - NCR<br>Cecilia A. Ilarde, Librarian SDO-Muntinlupa City |

**(Pag-aari ng Pamahalaan. Hindi Ipinagbibili)**

| Aralin 4 | Si Huli |
|---|---|

## INAASAHAN

Sa modyul na ito ay magaganap ang iyong sariling pagkatuto. Dama ko ang iyong pananabik sa susunod nating aralin, kaya naman handog ko sa iyo ang mga gawaing tiyak na lilinang sa iyong kaisipan at kasanayan.

**Sa pagtatapos ng araling ito, ikaw ay inaasahang:**

1. Naisusulat and buod ng binasang kabanata **(F10PU-IVb-c-86)**
2. Nagagamit sa pagbubuod ang tamang mekaniks sa pagsulat (baybay, bantas, at iba pa), gayundin ang wastong pag-uugnay ng mga pangungusap / talata **(F10PU-IVb-c-86)**
3. Naipapahayag ang sariling paniniwala at pagpapahalaga kaugnay ng mga kaisipang namayani sa akda **(F10PN-IVd-e-85)**
4. Nasusuri ang mga kaisipang lutang sa akda (Diyos, bayan, kapwa-tao, magulang) **(F10PB-IVd-e-88, F10PB-IVd-e-89)**

## PANIMULANG PAGSUBOK

**Panuto**: Basahin at unawain ang bawat pahayag. Isulat ang **TAMA** o **MALI** sa patlang.

_______ 1. Nabalita sa San Diego ang pagkadakip kay Basilio at maaaring ipatapon o patayin ang binata.

_______2. Si Huli ay matulungin at mapagmahal na anak ni Kabesang Tales

_______3. Ang paghingi ng tulong at pagbibigay ng regalo sa mga kawani ng pamahalaan ay magandang gawain.

_______4. Ayon kay Hermana Penchang, parusa ang nangyari kay Basilio sapagkat hindi ito nag-aantanda kapag nakitang marumi na ang agua bendita.

_______5. Pinahahalagahan ni Huli ang kaniyang karangalan at dignidad.

## BALIK-TANAW

**Panuto**: Dugtungan ng mga nawawalang salita upang mabuo ang diwa ng talata. Isulat ang letra ng tamang sagot sa patlang.

| | |
|---|---|
| A. Kabesang Tales | D. nagmamay-ari |
| B. dalawang daang piso | E. Cabeza de Barangay |
| C. Tandang Selo | |

Siya ay si Telesporo na kilala bilang 1. ___________ na anak ni 2. _______. Siya at ang kaniyang pamilya ay nagkaingin sa isang lupain na sa kanilang pagkakaalam ay walang 3. ________. Dahil sa pagsisikap ay umasenso sa buhay at hinirang na 4. ________. Ngunit may isang korporasyon ng mga prayle na inangkin ang kanilang lupain. Pinagbabayad nila ng buwis ang pamilya hanggang sa ito ay umabot ng 5. _______. Hindi na siya nagbayad ng buwis at nagpasyang ipaglaban ang lupain ngunit sa bandang huli siya ay nabigo.

## MAIKLING PAGPAPAKILALA NG ARALIN

KAB. XXX

### BASAHIN MO

Bago dumating ang mga Espanyol at maging sa panahon ng kanilang pananakop, ang mga babae ay walang karapatang pumantay sa lalaki. Ang kalalakihan lamang ang may karapatang magtamo ng hustong edukasyon at mga benepisyo. Sa kabanatang ito ng nobelang **El Filibusterismo**, alamin kung ano ang higit na pinahahalagahan ni Huli bilang isang dalagang Pilipina.

**Kabanata 30**
**Si Huli**

Nabalita sa lalawigan ng San Diego ang pagkamatay ni Kapitan Tiyago at ang pagkadakip kay Basilio. Higit na dinamdam ng bayan ang huling balita. Maaari daw ipatapon o patayin ang binata.

May nagsabi na masama raw ang Enero ayon sa pamahiin. Enero daw naganap ang aklasan sa Cavite at puro pari ang mga nabitay. Kung ang mga paring iyon ay nabitay, tiyak din daw na bibitayin si Basilio.

"Talagang iyan ang mapapala ni Basilio," ang sabi ni Hermana Penchang. "Kung pumapasok iyan sa simbahan, hindi siya humahawak sa banal na tubig dahil marumi raw at kung ano-anong maliliit na hayop o kulisap ang naroon. Magdadala raw ng sakit." Ngunit maraming lalaki ang nagsasabing hindi dapat mangyari iyon kay Basilio.

Tahimik at maingat ang binata. Naghihiganti raw lamang si Hermana Penchang dahil sa pagkatubos kay Huli na anak ng tulisang si Tales.

"Mabuti't napaalis ko kaagad sa bahay ko si Huli," ang sabi ni Hermana Penchang. "Agad kong pinaghanap ng pera." Ang katotohanan, masama talaga loob ni Hermana Penchang sa maagang paglaya ni Huli. Maraming indulhensiyang nalikom nito sa pag-aayuno, pagpepenitensiya at pagdarasal para sa kaniya.

Si Hermana Bali ang nagbalita kay Huli at sa kaniyang Ingkong. Hindi makapaniwala ang dalaga. Hinimatay si Huli. Walang tigil na pumatak ang kaniyang luha. Naaawa siya kay Basilio. Ulilang-ulila na ito at wala pang laya ngayong namatay na si Kapitan Tiyago. Batid ni Huli na kailangan ang padrino para makalakad ng anumang bagay sa Pilipinas. Dahil sa inisip niya ang sinabi ng lahat na ang pagkabilanggo ni Basilio ay paghihiganti sa pagkakaligtas sa kaniya at sa nangyari sa kaniyang ama, naisip niyang siya naman ang dapat gumawa ng paraan para mailigtas ang kasintahang si Basilio.

May isang munting tinig ang narinig niya at nagsabi sa kaniya, "Padre Camorra!"

Napakagat labi si Huli. Lumapit na siya noon kay Padre Camorra nang hulihin ang kaniyang Ingkong sa pag-asang lilitaw ang kaniyang ama. Ngunit hindi nasisiyahan sa pasasalamat ang pari. Humihingi ito ng "pagpapakasakit." Dahil dito iniiwasan niyang makita ito at dahil pinahahalik siya sa kamay, hinihipo sa ilong, kinikindatan at kinukurot. Si Padre Camorra ang dahilan kung bakit may mga binatang binubugbog ng kura kapag nanghaharana sa dalaga. Naririnig niya, kung iibigin niya, patatawarin sa mga krimen niya si Kabesang Tales.

Mula noon ay naging malungkutin si Huli. Minsa'y naitanong kay Hemana Bali kung nahuhulog sa impiyerno ang nagpapakamatay. "Natitiyak ko," ang sabi ni Hermana Bali.

Di natuloy ang balak ni Huli sapagkat natakot siya sa impiyerno. Ang mahihirap at lahat ng kamag-anak ay nag-ambagan, ngunit hindi nakalikom ng tatlumpung pisong kailangan para tubusin si Basilio. Muling nagbigay ng panukala si Hermana Bali.

"Humingi ka ng payo sa kawani. Kahit regaluhan mo siya ng singkapat at tabako."

Nagtungo nga si Huli sa kawani. Sansalapi ang inabot nito at ilang pirasong pindang ng usa. Ngunit hindi kaya ng kawani ang bagay na iyon. Nasa Maynila ang bilanggo, hindi abot ng kaniyang hurisdiksyon. "Bakit hindi ang Hukom Pamayapa ang lapitan ninyo?" dugtong pa ng kawani. "Si Padre Camorra lang ang makapagliligtas sa kaniya, kung iibigin mo?" Isang makahulugang tingin ang iginanti nito sa dalaga. Hindi kumibo si Huli, inakala ni Hermana Bali na tama ang payo. Ayaw ni Huli na magpatuloy sila sa kumbento. Alam ni Hermana Bali ang dahilan. Si Padre Camorra ay tinaguriang kabayo-malikot sa babae. Ang sabi ni Hermana Bali, hindi ka dapat matakot. Ayon sa aklat na Tandang Basyong Makunat, ang mga dalaga'y dapat nagtutungo sa kumbento kahit hindi nalalaman ng mga magulang upang ibalita ang nangyayari sa kanilang buhay."

Hindi nakatulog si Huli ng gabing iyon. Nangangamba siya sa mga bangungot at pangitaing kakila-kilabot. Si Basilio ang parang hayop na hinahabol. Umalab ang kaniyang pangamba at takot nang malamang may mga ipinababaril kinabukasan.

Urong-sulong siya na pumunta kay Padre Camorra. Nagpapalipat-lipat siya sa pagdarasal, pag-iyak, kawalan ng pag-asa, panimdim at takot. Para siyang baliw.

Isang manlalakbay mula sa Maynila ang dumating. Ibinalita niya na ang lahat ng nakulong na estudyante ay pinalabas na maliban kay Basilio.

Ipatatapon daw sa Carolinas ang binata, ilang pirma na lang ang hinihintay. Ang balitang ito ang nagbunsod sa kaniyang gawin ang pasyang makiusap kay Padre Camorra. Pinuntahan niya si Hermana Bali at nagtungo na sila sa kumbento, kinakailangan pa siyang hilahin ni Hermana Bali. Nais magbago ng isip si Huli.

Sinabi ng matanda, "Pababayaan mo na lamang ipatapon si Basilio? Huwag kang mag-alala. Hindi gagawa ng masama sa harap ko si Padre Camorra." Halos ipinagtulakan ni Hermana Bali sa kumbento si Huli.

Kinagabihan mahinang lumaganap ang balita. Ang balita ay hindi bumabanggit ng pangalan, sa takot ng mga nagbabalita at nakikibalita. Pinag-uusapan ng hapong iyon, isang dalaga ang tumalon sa kumbento, nahulog sa mga bato at namatay. Pagkatapos, isang matanda ang kasunod na lumabas, sumisigaw at tumatakbo sa lansangan na parang baliw. Nang sumapit ang takipsilim, isang matandang lalaki ang kumakatok sa pinto ng kumbento. Hindi ito binuksan ng nakabantay na sakristan. Sumusuntok ang matanda at sumisigaw ng mga salitang hindi maunawaan, salita ng isang pipi. Pumunta ito sa bahay ng gobernadorsilyo, ngunit wala raw at nasa kumbento. Pumunta siya sa Hukom Pamayapa, wala rin at nasa kumbento. Maski ang tinyente ng mga guwardiya sibil ay nasa kumbento pa rin. Parang batang umiiyak na umuwi ang matanda.

Ang tanging dasal ng mga babae, "Bigyan mo kami ng katarungan."

Alas-otso ng gabi, pitong prayle sa kalapit bayan ang dumating sa kumbento para magpulong. Kinabukasan, nawala sa Tiyani si Tandang Selo, dala niya ang busog at palasong ginagamit sa pangangaso.

## GAWAIN

**Gawain 1**. Unawain mo.

**Panuto:** Sagutin ang mga sumusunod na tanong.

1. Ano-ano ang mga balitang kumalat sa San Diego?

   ______________________________________________

   ______________________________________________

2. Isa-isahin ang pagtatangkang ginawa ni Huli upang mailigtas si Basilio. Nagtagumpay ba siya sa kanyang mga naunang ginawa? Ipaliwanag.

   ______________________________________________

   ______________________________________________

3. Ano ang nagtulak kay Huli upang sa bandang huli ay lumapit din kay Padre Camorra? Tama ba, ang ginawa niyang pagdulog sa pari?

   ______________________________________________

4. Sa iyong palagay, tama ba na isuong ni Huli sa panganib ang kanyang buhay dahil sa kanyang kasintahan na si Basilio?

   ______________________________________________

**Gawain 2**. Ilarawan mo.

**Panuto:** Ilarawan si Huli bilang simbolo ng isang dalagang Pilipina noon at ngayon.

| **HULI** | |
|---|---|
| *Noon* | *Ngayon* |
| | |
| | |
| | |
| | |
| | |

## TANDAAN

Si Huli ay isa sa mga tauhang babae ng El Filibusterismo na biktima ng mapang-abusong lipunan. Ang kaniyang pamilya ay ang kaniyang kalakasan, dahil sa matinding pagmamahal sa ama, nagpaalila siya kay Hermana Penchang at tiniis ang lahat para makapag-ipon ng pantubos sa kaniyang amang dinukot ng mga tulisan. Dumanas siya ng diskriminasyon sa piling ni Hermana Penchang sapagkat hindi siya marunong magdasal at hinusgahan ng mga tao dahil siya raw ang dahilan ng pagkabilanggo ni Basilio. Ang kaniyang pag-ibig kay Basilio ay ang kaniyang kahinaan, isinakripisyo ang lahat para mailigtas niya ang kasintahan na siyang nagdulot ng labis na kapighatian at kasawian.

Siya ay simbolo ng babaeng Pilipina na taglay ang simpleng kagandahan at mapagmahal na anak at kasintahan. Ipinakita rin ni Huli ang kaniyang karapatan at pambihirang tapang upang isakpripisyo ang sarili para sa mga minamahal.

Kahit na trahedya ang wakas ng buhay ng karakter ni Huli, maraming karapatan ng kababaihan ang isinasagisag niya. Ang buhay ni Huli ang nagpapakita ng opresyon sa lipunan dala ng pagbuo ng mga *"class"* ng mga Kastila. Ang pagpapaalila niya ay simbolo ng pagsasamantala sa kababaihan. Ang tangkang panggagahasa sa kaniya ng mga prayle ay sumisimbolo sa pang-aabuso ng mga Kastila sa Inang Bayan, at mamamayan. (Fernandez, 1990).

## PAG-ALAM SA NATUTUHAN

**Ibuod mo.**

**Panuto:** Mula sa Kabanata 30 na buhay ni Huli at mga nakaraang pagtalakay na may kaugnayan sa kaniya, sumulat ng isang maikling buod. Maging malikhain.

| **Pamantayan** | **4** | **3** | **2** | **1** |
|---|---|---|---|---|
| Nilalaman | Kumpleto at wasto ang lahat ng detalye nakasaad sa talata | Wasto ang mga detalye na nakasaad sa talata | May ilang detalyeng hindi dapat maisama sa talata | Maraming kakulangan sa nilalaman ng talata |
| Presentasyon | Organisado at sinuring mabuti ang pagkakasunod-sunod ng mga ideya at kaisipan | Maayos ang pagkakalahad ng mga detalye | Hindi gaanong maayos na nailahad ang talata | Hindi gaanong maunawaan ang nilalaman ng talata |
| Wastong baybay at bantas | Tama ang pagkakabaybay at paggamit ng mga bantas | Tama ang baybay ngunit may ilan na hindi nagamit ng wasto ang mga bantas | Tama ang mga bantas ngunt may ilang kamalian sa baybay | Hindi wasto ang baybay at gamit ng mga bantas |
| Kabuuan | | | | |

**Star Profile**
**Panuto:** Sumulat ng isang maikling talatang naglalarawan tungkol sa isang babaeng kilala sa kaniyang larangan.



___________________________________________
___________________________________________
___________________________________________
___________________________________________
___________________________________________
___________________________________________
___________________________________________
___________________________________________
___________________________________________
___________________________________________
___________________________________________

**Sintesis**
Panuto: Dugtungan ang sumusunod upang mabuo ang diwa nito.

Natuklasan kong ___________________________________________
Kaya naman ako ay___________________________________________
At dahil dito nais kong_______________________________________

## PANGWAKAS NA PAGSUSULIT

**Panuto**: Basahin at unawain ang mga pahayag. Isulat sa patlang ang letrang bubuo sa pangungusap.

_____ 1. Labis na ikinalungkot at ikinabahala ni Huli ang __________.

A. balita sa San Diego
B. pagkakulong ni Basilio
C. pagpunta sa kumbento
D. pagsunod kay Hermana Penchang

_____ 2. Si Basilio ay napabalitang __________.

A. ipatatapon sa Carolinas
B. nahatulan ng kamatayan
C. palalabasin sa bilangguan
D. makukulong habang buhay

_____ 3. Si Padre Camorra ay tinaguriang "Kabayo" sapagkat siya ay __________.

A. matapang at malupit
B. mabait at matulungin
C. magaling mangabayo
D. malikot sa kababaihan

_____ 4. Si Huli ay nabalitaang tumalon sa bintana ng kumbento sapagkat _______.

A. nagbago ang kaniyang pasya
B. hindi niya nakayanan ang problema
C. hindi siya tinulungan ni Padre Camorra
D. mas minabuti niyang mamatay kaysa humarap kay Basilio nang may dungis.

_____ 5. Ang mga naging pagpapakasakit ni Huli ay likha ng kaniyang labis na __________.

A. pagkabigo sa pag-ibig
B. pagsisisi sa kaniyang mga kasalanan
C. pagmamahal sa kaniyang ama at kasintahan
D. kalungkutan at pagkabahala sa mga suliranin

## Susi ng Pagwawasto

**Panimulang Pagsubok**
1.Tama
2.Tama
3. Mali
4. Mali
5. Tam

**Balik-tanaw**
1. A
2. C
3. D
4. E
5. B

**Pangwakas na Pagsusulit**
1. B
2. A
3. D
4. D
5. C

## Sanggunian

De Vera, Estrella E. et al, Obra Maestra IV (El Filibusterismo). Rex Bookstore. 2002

Salum, Roselyn T. et al, El Filibusterismo. JIMCZYVILLE Publications. 2015

### Elektronikong Sanggunian

https://rizalatsinene.wordpress.com/2016/05/18/ang-pag-alala-kay-huli/

Fernandez, Albina P. “Rizal on Women and Children in the Struggle for Nationhood.” Rizal and the National Struggle, December 20, 1990. Accessed May 14, 2016. http://journals.upd.edu.ph/index.php/rws/article/view/3228/3028.